# Modyul 2
# Heograpiya ng Asya
# Salita Ayon sa Tindi ng Ipinahahayag
# Tekstong Argumentativ



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo! Kung naging kawili-wili sa iyo ang mga nakaraang aralin, tiyak na magugustuhan mo rin ang pag-aaral sa bagong leksyong inihanda ko para sa iyo.

Marami sa ating mga kababayan ang naghahangad na marating ang iba't ibang bansa sa Asya tulad ng Japan, Korea, Thailand, Vietnam at iba pang bansang may magagandang tanawing maipagmamalaki at makulay na kulturang gaya ng Pilipinas. Subalit hindi lahat ay nabibigyan ng pagkakataong makapunta sa mga nabanggit na bansa. Gayunman, mapalad ka pa rin sapagkat sa araw na ito'y madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa heograpiya ng Asya. Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng salitang ito?

Ang heograpiya ay pag-aaral tungkol sa katangian ng ibabaw ng daigdig. Ang pagbabaha-bahagi nito sa mga kontinente at bansa at ang anyo ng tubig, lupa, kalawakan at uri ng pamumuhay ng mga tao sa iba't ibang bahagi nito. Kabilang sa kaanyuang pisikal ang kinaroroonan, laki, sukat, hugis, klima, anyong lupa at anyong tubig.

Kasama rin sa iyong pag-aaralan ang iba't ibang salitang nagpapahayag ng ayon sa tindi nito. Tulad din iyan ng emosyon ng tao. Sa labis na paghanga halimbawa sa isang nilalang o bagay matindi rin ang paraan ng pagpapahayag sa paghanga. Magiging bahagi rin ng iyong aralin ang pagpapakahulugan/paghihinuha sa mga pahiwatig na salita, parirala at pangungusap. Pag-aaralan mo rin ang uri at katangian ng teksto pati ang pagsulat.

Ngayong alam mo na ang paksang iinugan ng araling iyong pag-aaralan, natitiyak kong handang-handa ka na sa mga inihanda kong gawain. Huwag kang mag-alala, tutulungan ka ng modyul na ito.



## *Ano ang matututunan mo?*


Inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito:

1. Natutukoy at nakabubuo ng mga pangungusap ayon sa tindi ng pagpapahayag

2. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling parirala/pahayag batay sa konteksto ng pagkakagamit nito

3. Natutukoy ang uri at katangian ng teksto

4. Napag-uugnay-ugnay sa isang maayos na pagkakasunud-sunod ang mga makabuluhang pangungusap sa pagbubuo ng talataan ng isang tekstong argumentativ



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang panimulang pagsusulit. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang Pangwakas na Pagsusulit upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin. Kunin mong muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.
   Sige, magsimula ka na!




# *Ano na ba ang alam mo?*

Panimulang Pagsusulit

Sagutan mo ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mag-alala, aalamin lang nito kung kailangan mo pa ang modyul na ito o kung tutuloy ka na sa susunod. Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

I. Mga Pangungusap Ayon sa Tindi ng Ipinahahayag.

Basahing mabuti ang teksto. Pagkatapos, sagutan ang mga sumusunod na gawain.




Mapa ng Timog-Silangang Asya

1. Asya ang pinakamalaking kontinente sa ating daigdig. Isang-katlong bahagi ng kabuuang lawak ng daigdig ay nasasakupan ng Asya. Napaliligiran ito ng mga anyong tubig. Nasa gawing hilaga ang Karagatang Arktiko, sa silangan ang Karagatang Pasipiko, sa timog ang Karagatang Indian at sa

Kanluran ang Dagat na Pula, Dagat Mediterranean o Dagat na Itim at Dagat Caspian. Sagana ito sa matatayog na bundok, makikipot at maluluwang na ilog na nagsisilbing daanan ng kalakalan, komunikasyon at transportasyon, lambak, disyerto, talampas at matataas na mga talon.

2. Maraming uri ng klima sa daigdig ang taglay ng Asya mula sa nagyeyelong lamig sa Siberia hanggang sa nakapapasong init sa mga disyerto ng Gitnang Asya. Ang katangian ng iba't ibang klima ay nakaaapekto sa kabuuan ng kontinente.

3. Napakahalaga sa mga Asyano ang dalang ulan ng mga pana-panahong hangin. Ito ang nagbibigay-daan upang matamnan ang mga lupain sa katimugang Asya. Samantala ang mga dakong loob ng kontinente ay nagiging disyerto o maladisyerto dahil sa nahaharangan ng mga naglalakihang kabundukan ang ulan.

   Kung likas-yaman ang pag-uusapan, sagana rito ang Asya. Humigit-kumulang sa 50 porsiyento ng deposito ng uling at 60 % ng langis sa mundo ay matatagpuan sa Saudi Arabia, Kuwait, Bahrain, Oman at sa Golpo ng Persia.

4. Sa mga impormasyong nabanggit tungkol sa Asya, masasabi kong taglay nito ang lahat ng mga sangkap na kailangan sa pagsulong ng isang bansa. Subalit nakalulungkot isiping may mga bansa pa ring napag-iiwanan o di-gaanong maunlad gayong pare-pareho namang pinagkalooban ng yamang matatawag ng Dakilang Lumikha. Bakit ang Japan ay napakaunlad kahit limitado ang kanilang likas-yaman? Ang China naman ay napakalaki ng populasyon subalit natutugunan naman nang sapat ang pangangailangan ng mga mamamayan. Sagana sa likas-yaman ang Pilipinas ngunit hirap pa ring maituturing.

5. Sinasabing malaki ang epekto ng heograpiya sa kaunlarang tinatamasa at sa kahirapang dinaranas ng bawat bansa sa Asya. Kung minsa'y nagiging hadlang ang kulturang kinagisnan, ang pulitika at pananaw ng mga mamamayan.

6. Mayaman man o hindi sa kalikasan, nasa namumuno at mamamayan nito ang pag-unlad ng isang bansa. Hindi ba?

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung gayon, maaari mo nang simulan ang pagsagot sa bawat bilang.

I. Tindi ng pagpapahayag:

Panuto: Isulat ang bilang na tumutugon sa antas ng kasidhiang ipinahahayag ng pangungusap.

Bilang 1- para sa karaniwang antas
2- sa katamtamang antas
3- sa pinakamasidhing antas

1. Asya ang pinakamalaking kontinente sa ating daigdig.
2. Napakahalaga sa mga Asyano ang dalang ulan ng mga pana-panahong hangin.
3. Kung likas-yaman ang pag-uusapan, sagana rito ang Asya.
4. May mga bansa pa ring napag-iiwanan o di-gaanong maunlad.
5. Maunlad ang bansang Japan kahit limitado ang kanilang likas-yaman.

II. Pagbibigay-kahulugan sa mga parirala/pahayag batay sa konteksto ng pagkakagamit.

Panuto: Isulat ang letrang tumutugon sa isinasasaad ng pahayag.

1. Limitado ang pinagkukunang likas-yaman ng bansang Japan. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:
   a. sapat c. kapos
   b. labis d. wala

2. Sagana ito sa matatayog na bundok, makikipot at maluluwang na ilog na nagsisilbing daanan ng kalakalan. Ang salitang makipot batay sa pagkakagamit sa pangungusap ay nangangahulugang:
   a. malapad c. malaki
   b. makitid d. malawak

3. Napakalaki ng populasyon ng China subalit natutugunan naman ang pangangailangan ng mga mamamayan. Kung natutugunan ang pangangailangan ng mamamayang China, nangangahulugan lamang na:
   a. maagap ang pamahalaan
   b. nahahating mabuti ang mga suplay
   c. namumuhay nang sagana ang mga tao
   d. napag-uukulan ng sapat na atensyon ang mga mamamayan

4. Ang mga dakong loob ng kontinente ay nagiging disyerto o maladisyerto dahil sa nahaharangan ng mga naglalakihang kabundukan ang ulan. Magiging disyerto o maladisyerto ang dakong loob ng kontinente dahil sa:
   a. Walang ulan sa buong taon
   b. Hindi ito naaabot ng ulan
   c. Umuulan lamang sa kabundukan
   d. Naglalakihan ang mga kabundukan sa disyerto

5. Taglay nito ang lahat ng mga sangkap na kailangan sa pagsulong ng isang bansa. Ang "pagsulong" ay nangangahulugang:
   a. pag-unlad c. pagsulpot

b. paghakbang d. pagtaas

III. Pagkilala sa uri at katangian ng teksto

Panuto: Isulat ang letrang tumutugon sa isinasasaad na pahayag ng bawat bilang.

1. Ang binasang teksto ay isang uri ng:
   a. deskriptiv c. narativ
   b. argumentativ d. ekspositori

2. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagsasaad ng sariling kuru-kuro ng sumulat?
   a. Masasabi kong taglay nito ang lahat ng mga sangkap na kailangan sa pagsulong ng isang bansa.
   b. Napakahalaga sa Asyano ang dalang ulan ng mga pana-panahong hangin
   c. Maraming uri ng klima sa daigdig ang taglay ng Asya mula sa nagyeyelong lamig sa Siberia hanggang sa nakapapasong init sa mga disyerto ng Gitnang Asya.
   d. Humigit-kumulang sa 50% ng deposito ng uling at 60% ng langis sa mundo ay matatagpuan sa Saudi Arabia, Kuwait, Bahrain, Oman at sa Golpo ng Persia.

3. Ang ikaapat na talata ay naglalahad ng katotohanan sa paraang:
   a. pagpapatunay c. pagkiling
   b. paghahambing d. paghanga

4. Sa namumuno at pagkakaisa ng mamamayan nakasalalay ang pag-unlad ng isang bayan. Kung ang iyong pahayag ay iyong tinatanggap at gagawing patnubay sa buhay, naaapektuhan ang iyong:
   a. pandamdam c. pangkaasalan
   b. pangkaisipan d. pangkatauhan

5. Naging labis ang iyong paghanga sa kaunlarang tinatamasa ng Hapon at sa pagkanasyonalismo ng mga mamamayan nito. Nagkaroon ng bisa sa iyo ang tekstong binasa sa aspetong:
   a. pangkaisipan c. pangkultura
   b. pangpananaw d. pandamdamin

IV. Pagsulat ng isang tekstong Argumentativ

Panuto: Isulat nang buo ang talata. Piliin sa ibaba ang mga pahayag na angkop sa bawat patlang upang mabuo ang kaisipang ipinahahayag ng tekstong argumentativ. Isulat ang buong talata.

Itinuturing na isang malaking suliranin di lamang ng Pilipinas kundi ng buong daigdig ang suliranin sa polusyon. Bilang isang kabataan, _________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

Nasabi ko ito sapagkat ______________________________________________________.

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________.

Naniniwala akong maaari pang malunasan di man masugpo ___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

__________________________.

Malaking tulong din __________________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________.

Kung isasagawa natin ito _____________________________________________

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________.

Ang pagtatanim ng mga puno sa pagpapanatili ng malinis na hangin at pagguho ng mga lupa.

Ang suliraning ito kung magtutulung-tulong tayo sa paglilinis ng ating kapaligiran at magmamalasakit sa ating kalakasan.

Tiyak na mararanasan pa ng susunod na henerasyon ang magandang paraisong kanilang pananahanan.

Nag-aalala ako sa magiging epekto nito di lamang sa kapaligiran kundi maging sa kalusugan at buhay ng bawat mamamayan.

Nararamdaman ko ang pagbabago ng klima at panahon. Umiinit ang mundo kaalinsabay ng pagsulpot ng Red Tide, El Niño at iba't ibang nakamamatay na sakit.

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Tutulungan ka ng Susi sa Pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

# Mga Gawain sa Pagkatuto


## Sub Aralin 1

**Layunin**

1. Nakikilala ang mga salitang naglalarawan
2. Natutukoy ang mga angkop na salita sa pagbuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng antas ng kasidhian
3. Napipili ang mga angkop na salitang naglalarawan sa pangungusap

**Alamin**

Basahin ang usapan ng magkaibigan. Ano ang kanilang napagkasunduan?



Nagkasundo ang magkaibigan dahil kapwa nila nagustuhan ang pook na tinutukoy. Gumamit ng paglalarawan ang batang babae kaya't naganyak din ang kanyang kausap at nagkaisa sa kanilang kapasyahan.

**Linangin**

Kapag binabanggit natin ang katangian ng isang tao, bagay, pook o pangyayari gumagamit tayo ng mga salitang naglalarawan. Ang mga salitang ito ang nagbibigay-kulay sa isang pangungusap.

*Paglalarawan ng tao*

Mapamaraan ang mga Asyano sa paghahanap ng sariling ikabubuhay.

Sa pangungusap na ito ay inilalarawan ang katangian ng mga Asyano bilang mapamaraan.

*Paglalarawan ng pook/mga lugar*

Magaganda ang mga tanawing matatagpuan sa Pilipinas.

Inilalarawan sa pangungusap ang mga tanawin sa Pilipinas. Ito raw ay magaganda.

*Paglalarawan ng bagay*

Mayaman sa mineral ang bansang Tsina.

Ang Tsina ay inilalarawan bilang bansang mayaman sa mineral.

*Paglalarawan sa Pangyayari*

Dumanas ng matinding kahirapan at kagutuman ang mga mamamayan nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Inilarawan sa pangungusap ang sinapit na kahirapan at kagutuman ng mga mamamayan sa pamamagitan ng salitang matindi.

Naunawaan mo ba ang mga kaalamang aking inilahad? Kung gayon, handa ka na upang sagutan ang mga gawaing aking inihanda.

Kung mayroon ka mang di-naunawaan, muli mong basahin ang mga paliwanag upang mabigyang-linaw ang iyong mga katanungan.

Handa ka na ba? Maaari ka nang magsimula.

**Gawain 1:** Pagkilala sa mga salitang naglalarawan
Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang mga salitang naglalarawan sa pangungusap.

1. May tiyak na rami ng kalikasan na magagamit sa mundo.
2. Dapat lamang malaman ng tao ang malaking pananagutan sa kanyang sarili, sa kanyang kapaligiran at sa lahat ng may anyong buhay.
3. Maghahari ang kagutuman sa hindi pantay na distribusyon ng mga pagkain sa bansa.
4. Tinutustusan ng malalaki't maliliit na pagawaan ang pangangailangan ng mga mamamayan.
5. Lumilikha ang mga pagawaan ng kapaki-pakinabang na bagay.

**Gawain 2:** Pagtukoy sa mga angkop na salita sa pagbuo ng pangungusap na nagpapahayag ng antas ng kasidhian.

Bago ka magpatuloy sa iyong pagsagot, basahin mo muna ang mga kaalamang aking ilalahad upang masagot mo nang tumpak ang gawaing inihanda ko.

Antas ng Kasidhian ng mga Salitang Naglalarawan

1. *Karaniwang Antas*- Karaniwang anyo ng paglalarawan sa tao, bagay, pook o pangyayari.
   Halimbawa:
   Maunlad ang kabuhayan ng Pilipinas.
   Malawak ang lupaing kanilang sinasaka.

2. *Katamtamang Antas*- naipakikita ito sa paggamit ng mga panandang "di-gaano", "bahagya", "katamtaman", "medyo" o "pag-uulit ng salitang-ugat".
   Halimbawa:
   Bahagya lamang ang naging epekto ng bagyo sa mga pananim.
   Malaki-laki rin ang iniunlad ng ating ekonomiya.

3. *Pinakamasidhi*- naipakikita sa pamamagitan ng:

   a. Pag-uulit ng salita
      <u>Masaganang-masagana</u> ang ani ng mga magsasaka sa taong ito.
   b. Paggamit ng salitang may unlaping "napaka".
      <u>Napakasipag</u> ng mga Pilipino kaya naman madali silang umasenso.
   c. Paggamit ng salitang inuulit ng unlaping "kay"
      <u>Kaybuti-buti</u> ng iyong kalooban.
   d. Paggamit sa salitang-ugat na inuulit ng panlaping "ka" at "an"
      Nilinis nila ang <u>kaloob-looban</u> ng masukal na gubat upang mapagtamnan.

e. Paggamit sa unlaping "napaka" sa salita.
Napakainam ng abonong ginamit niya sa pananim.

f. Paggamit ng mga salitang ubod, labis, sakdal, ulo, hari
Ubod ng yaman sa kalikasan ang bansang Pilipinas.
Hari ng tipid ang taong iyan kaya madaling yumaman.

g. Paggamit ng panlaping "pinaka"
Pinakamaunlad ang Japan sa teknolohiya.

Naging madali ba para sa iyo ang pag-unawa sa mga kaalamang binasa? Kung gayon natitiyak kong handang-handa ka na sa pagsagot.

Panuto: Isulat ang letrang A kung ang isinasaad ng pahayag ay pangkaraniwang antas, B kung katamtaman at C kung pinakamasidhi.

1. Tao lamang ang may kakayahang magbago ng kanyang kapaligiran sa hindi natural na paraan.
2. Nagsikap silang linangin ang lupa upang matugunan ang pangangailangan ng napakalaking populasyon ng bansa.
3. Ayon sa isang dalubhasang ekolohiko, may presyong dapat ibayad sa anumang binago sa kalikasan.
4. Medyo mulat na ang tao sa hagupit na isinusukli ng kalikasan sa pagmamalabis na kanilang ginagawa.
5. Mabuti-buti naman at kumikilos na sila sa pangangalaga sa Inang Kalikasan.

**Gawain 3:** Pagpili ng mga angkop na salitang naglalarawan

Marami tayong mga salitang naglalarawan na halos magkakasingkahulugan subalit may kani kaniyang gamit sa pangungusap.

Hindi lahat ng salitang naglalarawan ay maaaring gamitin sa tao, bagay, pook o pangyayari sapagkat may mga angkop na salitang ginagamit sa paglalarawan sa mga ito.

*Halimbawa:*

mataas
matayog
matangkad

Ang salitang mataas ay ginagamit sa paglalarawan ng taas ng mga gusali o kinalalagyan ng isang bagay

.

Ang matayog ay ginagamit naman sa pangarap.
*Halimbawa:*
Matayog ang pangarap niya sa buhay.

Ang matangkad ay para sa paglalarawan ng taas ng tao.
*Halimbawa:*
Matangkad siya kaysa kanyang kapatid.

Alam mo ba ang pagkakaiba ng mga salitang maluwang, maluwag at malawak? Tama. Ang maluwang ay ginagamit sa mga bagay na isinusuot tulad ng damit, medyas, sapatos, kamison at iba pa.
*Halimbawa:*
Maluwang sa kanya ang damit na binili ng ina.

Ang maluwag naman ay ginagamit sa paglalarawan ng espasyo ng isang lugar.
*Halimbawa:*
Sakay na. Maluwag pa dahil siyaman ang dyip.
Maluwag ang silid na ito para sa ating tatlo.

Ang malawak ay ginagamit naman sa laki ng sukat ng isang pook o lugar. Maaari ring gamitin sa paglalarawan ng taong may katangian ng pagiging maunawain
*Halimbawa:*
Malawak ang kanilang lupain sa lalawigan kaya kilala roon ang kanilang angkan.
Malawak ang kanyang pang-unawa kaya naman iginagalang siya ng lahat.

Malinaw na ba sa iyo ang mga paliwanag na aking ibinigay? Kung gayon, maaari ka nang magsimula sa pagsagot sa gawaing inihanda ko.

Panuto: Piliin sa hanay ng mga salita ang salitang angkop sa bawat patlang upang mabuo ang diwa ng talataan.

Ang Pilipinas ay isang kapuluang binubuo ng mahigit na 7,100 pulo. Ang _____1_____ Pulo ay Luzon, Mindanao ang pangalawa at sinusundan ito ng Samar, Leyte, Panay, Negros, Mindoro, Cebu at Palawan.

Ang Pilipinas ay may kapatagan na may ______2_______at mahahabang daan, talampas, _______3________ na bundok at iba pang anyong lupa.

Bilang isang kapuluan, ang Pilipinas ay napaliligiran ng mga katawang-tubig tulad ng dagat, golpo, look at lawa. Bukod dito, ______4_______ ring mga ilog at talon. Mula sa mga yamang-tubig na ito nakakukuha ng iba't ibang uri ng

isda, hipon, ____5_____ korales na may iba't ibang kulay, hugis at laki, perlas at iba pang lamang-dagat.

Isa sa mga _____6______ na yaman ng Pilipinas ang mga yamang mineral tulad ng ginto, pilak, tanso, nikel, karbon, bakal at langis.

Ang mga nabanggit na yamang angkin ng Pilipinas ay siyang ipinagmamalaki ng bansa at nakatutulong nang malaki sa pagpapaunlad ng ekonomiya.

Mga Pagpipilian

| | |
|---|---|
| 1. pinakamalaking<br>pinakamalawak na<br>pinakamayamang | 2. makikitid<br>makikipot<br>masisikip |
| 3. matatangkad<br>matatayog<br>matataas | 4. masagana<br>marami<br>marangya |
| 5. maririkit<br>maririlag<br>magagandang | 6. katutubong<br>likas<br>sinauna |

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Lagumin**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang teksto. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ang pagpapanatili ng balanse ng ekolohiya ang hangarin ng bawat bansa. Subalit sa hangarin din ng mga bansang umuunlad at maunlad na lalo pang maging mabilis ang paglaki ng kanilang ekonomiya, nasisira ang balanse ng kapaligiran.
2. Napipinsala ang mga kagubatan dahil sa hindi wastong paggamit ng mga halaman, nasasaktan ang mga hayop, nagiging masasakitin kung hindi man ay tuluyang nangamamatay.
3. Ang pinagkukunang-yaman tulad ng tubig sa mga ilog, lawa at dagat ay di na tulad nang dati na malinis. Itim na ang tubig dito at wala nang makuhang isda o mapaliguan kaya.

4. Ang mga natatapong langis mula sa mga bapor at mga duming may mga elemento mula sa kayrurumi't kaykakapal na usok ng mga planta

ng kuryente, plantang nukleyar at malalaking pagawaang gumagamit ng mapaminsalang karbon ang sama-samang nagdudulot ng kapinsalaan sa kapaligiran.

Naging madali ba para sa iyo ang pag-unawa sa teksto? Mainam kung gayon. Natitiyak kong masasagot mo nang wasto ang pagsubok na inihanda ko.

Panuto: Piliin ang wastong sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Sa ikatlong talata, ang inilalarawan ay:
   a. tao c. pook
   b. bagay d. pangyayari

2. Ang salitang ginamit sa paglalarawan ng mga "hayop" sa kagubatan sa ikalawang talata ay:
   a. nangangamatay c. nasasaktan
   b. masasakitin d. napipinsala

3. Ang antas ng kasidhian ng mga salitang naglalarawan na ginamit sa unang talata ay:
   a. Karaniwan c. pinakamasidhi
   b. katamtaman d. payak

4. Ang pinakamasidhing salitang naglalarawan na ginamit sa ikaapat na talata ay:
   a. kaykakapal c. mapaminsala
   b. malalaki d. sama-sama

5. Ang inilalarawan sa ikalawang talata ay:
   a. tao c. pook
   b. bagay d. pangyayari

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Subukin**

Panuto: Punan ng angkop na salitang naglalarawan na nasusulat sa kasunod na pahina ang bawat patlang sa talataan upang mabuo ang kaisipang nais nitong pahayag.

Upang mapangalagaan nang ____1____ ang kalusugan ng mga tao at ang kalinisan ng kapaligiran, may programa ang mga bansa na sumusubaybay sa ___2___ na mga may-ari ng mga planta, sasakyang de-motor at minahan.

Bukod dito, may mga programa ang Pilipinas sa muling paggugubat upang matamnan ang mga ___3___ kabundukan at mga kagubatan sa iba't ibang rehiyon. Pinangangalagaan din ang mga kagubatan sa ___4___ patumanggang

pagpuputol ng ___5___ troso. May mga lugar sa bansa kung saan idineklarang ___6___ ang pagtotroso.

| | | |
|---|---|---|
| walang | husto | malalaking |
| bawal | mapagmalabis | kalbong |

Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Mataas ba ang iskor na iyong nakuha? Kung Oo, maaari mo nang simulan ang ikalawang aralin. Subalit kung ang iskor na iyong nakuha ay 4 pababa, sagutin mo muna ang inihanda kong gawain bago ka magtungo sa ikalawang aralin.

**Paunlarin**

Panuto: Piliin ang mga salitang naglalarawan na ginamit sa talata at isulat ang antas ng kasidhian nito.

Pinapalagay ng mga eksperto sa kapaligirang pisikal na ang klima sa darating na panahon ay lalong magiging mainit. May mga rehiyong makararanas ng tuyung-tuyong panahon samantalang may mga lugar na magkakaroon ng labis-labis na pag-ulan. Sa katapusan ng dantaong ito, may mga bansang mawawala sa ibabaw ng daigdig dahil sa patuloy na pagtaas ng lebel ng dagat. Malapit-lapit na ito kaya hangga't maaga ay kumilos na tayo.

Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro upang malaman mo kung may pag-unlad sa iyong pag-aaral. Maaari mong balikan ang maling sagot upang higit na mauunawaan kung bakit iyon ang tamang sagot.

## Sub Aralin 2

**Layunin**

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling salita/parirala/pahayag batay sa konteksto ng pagkakagamit nito
2. Nabibigyang-hinuha ang kahulugang maaaring ipinahihiwatig ng pahayag/salita

**Alamin**

Basahin ang teksto.

| |
|---|
| Ang kaanyuang pisikal ng isang bansa ay nakaiimpluwensya sa rami ng populasyon. Sa totoo lang, higit na ibig ng taong pagtayuan ng mga pook-tirahan ang mga kapatagan at mga lambak ng mga ilog. Madali para sa kanila ang magbungkal ng lupa, magparoo't parito, at gumawa ng mga daanan. Ang ganitong lugar sa mundo ang may makapal na populasyon.<br><br>Maraming naninirahan sa mga bulubunduking lugar kung may mga yamang- mineral doon o kung mainam ang klima. Subalit hindi pa rin kasindami ng populasyon sa kapatagan, sa baybay-dagat o lambak ng ilog. |

Maibibigay mo ba kung ano ang nais ipakahulugan ng mga nasasalungguhitang pahayag at parirala?

Alamin ang mga ito. Magpatuloy sa pag-aaral sa modyul.

**Linangin**

Sa binasa mong teksto, may mga pahayag at parirala na dapat lamang na mauunawaan upang higit na madali ang pag-unawa sa kabuuan ng teksto.

Ano ang nais ipakahulugan ng pahayag na:
"Madali para sa kanila ang magbungkal ng lupa, magparoo't parito at gumawa ng mga daanan"

Dahil sa nabasa mo ang kabuuan ng teksto, madali lamang maibibigay ang kahulugan ng pahayag ayon sa pagkakagamit nito. Nangangahulugan itong:
"Higit na nanaisin nilang manirahan sa kapatagan kung saan makakukuha sila ng ikabubuhay kahit na mahirapan."

Ano naman ang kahulugan ng pariralang "makapal na populasyon?"
Nangangahulugan itong malaki ang bilang ng populasyon.

Sa pahayag namang:
Maraming naninirahan sa mga bulubunduking lugar kung may mga yamang-mineral doon o kung mainam ang klima.

Nangangahulugan ito na:
"Maninirahan ang mga tao sa kabundukan kung mayroon silang mapaghahanapbuhayan"
Ang pagbibigay-kahulugan sa salita, parirala o pahayag ay naaayon sa pagkakagamit sa pangungusap o pagkakabuo nito.

Pagsisinghuluganan. Tinitipon ang mga salitang may halos magkakatulad ng kahulugan.
Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| bagay, | lapat, | angkop |
| sanay, | bihasa, | mahusay |
| hamak, | aba, | imbi |
| buo, | ganap, | husto |
| kulang, | salat, | kapos |
| maganda, | marikit, | maalindog |

Naunawaan mo ba ang aking ipinaliwanag? Madali lang hindi ba?

Alam kong handa ka na sa pagsagot sa gawaing aking inihanda.

**Gawain 1:** Pagpapakahulugan sa Salita

Panuto: Basahin muna ang teksto. Pagkatapos, piliin at isulat ang salitang nasusulat sa bahaging ibaba na kasingkahulugan ng may salungguhit.

Ang kasarian ng populasyon ng bansa ay isa sa mahahalagang katangian ng populasyon. May tuwirang kinalaman ito sa rami ng ipinanganganak, namamatay at ikinakasal. Bukod dito, naaapektuhan din ang kasarian ng dami ng nandarayuhan, mga uri ng hanapbuhay at iba pang <u>(1) salik</u> na may kinalaman sa populasyon. Halimbawa, kung maraming babae kaysa lalaki, malamang na higit na marami ang manganganak. Hindi <u>(2) maampat</u> na panganganak ang mangyayari. Dahil dito <u>(3) lolobo</u> nang husto ang bilang ng tao. (<u>4) Kakapusin</u> sa mga pangunahing pangangailangan ang mga mamamayan. Susulpot at <u>(5) lalaganap</u> ang iba't ibang uri ng sakit sa lugar na siksikan.

| | | | |
|---|---|---|---|
| elemento | kakalat | | kakailanganin |
| kukulangin | maawat | | espasyo |
| lalaki | dahilan | lalala | mananaig |

**Gawain 2:** Pagbibigay-kahulugan sa parirala

Panuto: Piliin at isulat mula sa pagpipiliang salita na matatagpuan sa kasunod na pahina ang kasingkahulugan ng may salungguhit sa talataan.

Pinagkukunang-yaman

May mga bansa na mayaman sa pinagkukunang-yaman at maaaring makatugon sa lumalaki nitong populasyon. Subalit kailangan pa rin ang (1) pagpaplano ng pamilya dahil kapag lumaki ang populasyon ay unti-unti namang lumiliit ang sukat ng pinagkukunang-yaman. Tinatayuan ng mga tirahan, pagawaan, daan, planta at paaralan ang dating mga lupang sinasaka.

May mga likas na pinagkukunang-yaman na hindi nadaragdagan, hindi rin tumutubo o nagbabago tulad ng karbon, mineral at iba pa. Maraming taon naman ang hihintayin para (2) tumubo at lumago ang kagubatan.

Patuloy ang (3) pagliit ng sukat ng sakahang lupain (4) humihinang ani rin ang kaakibat nito. May mga sinasakang lupain na sa paglaon ay (5) hindi na rin nakatutugon sa pangangailangan sa pagkain ng mga mamamayan ng isang bansa.

*Mga Pagpipilian*

nagsilaki at yumabong
kinakapos na sa pagkain
nalulungkot na kagubatan
umaasa lamang sa pagkain
paghahanda sa buhay may-asawa
naghihirap na magsasaka
kakaunting ani
nababawasang sukat ng sakahan
pagkontrol sa pamilya
natatabunang kabukiran

**Gawain 3:** Pagbibigay-kahulugan sa pangungusap/pahayag

Panuto: Piliin ang pahayag na tumutugon sa nais ipakahulugan ng pahayag sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. Nakasalalay sa kamay ng mamamayan ang wastong paggamit at pangangalaga sa likas na yaman ng bansa.
    a. Mamamayan ang may kapangyarihan sa pangangalaga sa likas-yaman
    b. Nararapat pangalagaan ng mamamayan ang likas-yaman ng bansa
    c. Mamamayan ang gumagamit ng likas-yaman
    d. Likas-yaman ang tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan
2. May malawak at makabagong pasilidad sa larangan ng serbisyong pangkalusugan para sa mga mamamayan ang Hapon.
    a. Prayoridad ng Hapon ang kahalagahan ng kalusugan.
    b. Maunlad ang Hapon sa larangan ng medisina.
    c. Makabagong kagamitang pangmedisina ang maipagmamalaki ng Hapon.

   d. Handang magbigay ng serbisyong pangkalusugan ang Hapon sa tulong ng makabagong kagamitan.

3. Dala ng pag-unlad ng ekonomiya ng Hapon, tumaas ang antas ng kanilang pamumuhay.
   a. Ang pag-unlad ng ekonomiya'y pag-unlad din ng pananaw.
   b. Sa pag-unlad ng ekonomiya'y umunlad din ang kanilang kabuhayan.
   c. Kasama sa pag-unlad ng ekonomiya ang pagbabago ng buhay.
   d. Tumataas ang antas ng pamumuhay sa pagpaplano ng ekonomiya

4. Hindi kayang tugunan ng serbisyong medikal ang lumalaking populasyon.
   a. Walang badyet na mailalaan ang pamahalaan.
   b. Kapos sa mga kinakailangang gamot
   c. Kulang ang bansa sa mga propesyunal
   d. Limitado ang kakayahang pangkalusugan
5. Sa Timog-Kanlurang Asya, na kumikita ng malaking salapi sa langis, kasalukuyang mabilis ang pagbabago sa lahat ng larangan ng kabuhayan.
   a. Malaki ang kinikita ng Timog-Kanlurang Asya sa langis kaya sila maunlad.
   b. Nagbabago ang lahat ng kabuhayan sa pag-unlad.
   c. Napagtutuunan ng pansin ang lahat ng sektor ng kabuhayan sa Timog-Kanlurang Asya.
   d. Malaking salapi ang nagugugol ng Timog-Kanlurang Asya sa pagpapaunlad ng kanilang bansa.

**Gawain 4:** Pagbibigay-hinuha sa mga Pahiwatig na Pahayag/Pangungusap

Sa paghinuha ng mga pahiwatig, ang kahulugan ng salita o pahayag ay hindi tahasang ipinakikita. Mabibigyan mo lamang ito ng kahulugan batay sa paraan ng pagpapahayag, pagkakabuo ng pangungusap o teksto.

*Halimbawa:*
"Pairap niyang tinanggap ang liham na iniabot sa kanya."

Ang kanyang ikinilos ay nagpapahiwatig ng pagkagalit o pagkainis.

"Humahalakhak siya sa pagkakapasa ng kanyang anak sa pagsusulit subalit kasabay rin nito ang pagtulo ng luha."
Mahihinuha sa pahayag na siya ay maligayang-maligaya at ang luha ay nagpapahiwatig ng luha ng kaligayahan.

Hindi lahat ng luha ay nagpapahiwatig ng kalungkutan. Mayroon ding naluluha dahil sa kaligayahan.

Bawat salita rin ay maaaring magpahiwatig batay sa nais ipahayag ng pangungusap.

*Halimbawa:*
Ina ang siyang <u>ilaw</u> ng tahanan.

Ipinahihiwatig ng salitang ilaw na ginamit sa pangungusap ay <u>gabay</u> o <u>tanglaw</u>.

Itinaas niya ang puting panyo nang siya'y mapaligiran ng mga kalaban.

Ang pagtataas ng puting panyo nang siya'y mapaligiran ng mga kalaban ay nagpapahiwatig ng pagsuko.

Panuto: Piliin ang wastong sagot na tumutugon sa isinasaad ng pahayag. Letra lamang ang isulat.

1. "Nagsusulputan ang iba't ibang nakamamatay na sakit. Wala na ring gaanong maani dahil sa El Niño. Baka bukas… ano na ang mangyayari sa atin?" Mahihinuhang ang nagsasalita ay:
   a. nalulungkot c. nagtataka
   b. nabibigo d. nangangamba

2. Walang habas sa pagtatapon ng basura kung saan-saan ang mga mamamayan. Hindi iniisip ang ibubunga ng kanilang ginagawa. Ang kanilang ikinikilos ay nagpapahiwatig ng:
   a. katamaran c. kamangmangan
   b. pagwawalang-bahala d. pagmamalabis

3. "Kung 2 hanggang 3 lamang ang nagiging anak ng bawat mag-asawa, hindi sana naghihirap ang bawat pamilya. natutugunan sanang lahat ang kanilang mga pangangailangan." Ang pahayag ay nagpapahiwatig ng:
   a. panunumbat c. panghihinayang
   b. pananakot d. pag-aalinlangan

4. "Sagana sa likas-yaman ang Pilipinas. May imbak din ng langis sa Palawan. Anupa't malinang lamang ito nang maayos, tiyak na tuluy-tuloy na ang pag-unlad ng bansa. Darating din ang araw…" Ipinahihiwatig ng pahayag ang:
   a. pag-asa c. pagbabakasakali
   b. pagmamalaki d. pagninilay

5. Sa biglang pagtataas ng presyo ng langis, maraming bansa ang nagtayo ng mga plantang nukleyar. Mahihinuha sa pahayag na ang pagtatayo ng planta ng maraming bansa ay nagpapahiwatig ng:
   a. pagtutol c. solusyon
   b. reserbasyon d. pagsasarili

**Gawain 5:** Paghinuha sa mga Pahiwatig na Salita

Panuto: Piliin ang wastong sagot na tumutugon sa nais ipahiwatig ng nasasalungguhitan. Letra lamang ang isulat.

1. Itinuturing na <u>haligi</u> ng bayan ang pangulo.
    a. kinatawan　　c. buhay
    b. simbolo　　d. pundasyon

2. Magplano ng pamilya upang mapaghandaan ang kinabukasan ng mga anak at di- maging <u>yagit</u> sa lansangan.
    a. basura　　c. hadlang
    b. suliranin　　d. pulubi

3. Aali-aligid ang mga <u>paruparo</u> sa naggagandahang dilag.
    a. kulisap　　c. bulaklak
    b. bubuyog　　d. lalaki

4. Siya ang <u>anghel</u> sa kanilang tahanan, nagbibigay-lugod sa buong pamilya.
    a. laruan　　c. libangan
    b. panganay　　d. sanggol

5. Ang dibdib niya'y <u>moog</u>. Di kayang igupo ng anumang pagsubok.
    a. katiwasayan　　c. katapangan
    b. katatagan　　d. kagitingan

**Lagumin**

Panuto: Piliin at isulat ang wastong sagot.

1. Ang Pilipinas, tulad ng ilang bansa sa Timog-Silangang Asya ay may <u>reserbang</u> langis. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:
    a. imbak　　c. pamalit
    b. pandagdag　　d. tago

2. Ang enerhiyang nanggagaling sa mga dumi ng hayop ay maaaring gamiting panggatong at pang-ilaw lalo na sa mga <u>liblib</u> na lugar. Ang kahulugan ng salitang nasasalungguhitan ay:
    a. di-sibilisado　　c. mahirap
    b. di-kilala　　d. malayo

3. Ang masaklaw na mga relasyong pampamilya ay nangangahulugan ng <u>matibay na mga buklod ng pag-ibig</u> at kamag-anakan sa mga miyembro ng pamilyang Asyano. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakahulugan sa may salungguhit?
    a. paglingap sa kapamilya
    b. pagmamahalan sa isa't isa
    c. pagtuturingan ng pamilya
    d. pakikipag-ugnayan sa mga mahal

4. Naniniwala ang Asyano sa kasabihang "Ang bagay na nakikita ay lumilipas at ang bagay na di-nakikita ay magpasawalang-hanggan." Ang nasasalungguhitan ay tumutukoy sa:
    a. espiritwal		c. kabaitan
    b. kabanalan		d. moralidad

5. Ang Asya ay kuna ng mga dakilang relihiyon sa daigdig. Ang may salungguhit ay nagpapahiwatig ng:
    a. pinagtularan		c. pinag-ugatan
    b. pinaggayahan		d. pinagsalinan

6. Dahil ang Pilipinas ang tanging bansang Kristiyano sa Asya, itinuring ito ng ibang mga Kristiyano bilang ang "liwanag ng Asya." Ang salitang "liwanag" ay nagpapahiwatig ng:
    a. natatangi		c. modelo
    b. gabay		d. tagapaghubog

**Subukin**

Panuto: Piliin at isulat ang kasingkahulugan ng mga may salungguhit sa talata.

Ang mga Pilipino ay isang lahing (1) halu-halo.

Kilala ang mga Pilipino sa kanilang mainit na pagtanggap sa mga panauhin. Mahilig sila sa musika, mga pagdiriwang o piyesta at pulitika. May ugali silang (2) madaling makibagay kapag dumarating ang mga digmaan at kapinsalaan, (3) sila'y yumuyuko nguni't hindi nababakli.

Bagaman siniraan at (4) dinusta sila ng mga mananakop at itinuring na tamad at walang alam, pinatunayan nilang kaya nilang magtrabaho nang husto at makibagay sa anumang uri ng gawain sapagka't sila'y mga taong (5) buo ang loob.

| | | |
|---|---|---|
| madaling maganyak | masikhay | iba-iba |
| matatag | marunong makisama | hinahamak |
| sumusunod ngunit nangangatwiran | marunong humarap sa mga pagsubok | |

**Paunlarin**
Panuto: Piliin at isulat ang wastong sagot sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. Nagsimula ang <u>pakikibaka</u> ng mga Pilipino para sa kasarinlan nang umabuso sa kapangyarihan ang mga kastila.
   a. pakikipagsalungatan c. pagpupumiglas
   b. pakikipaglaban d. pagsasarili

2. <u>Patay-malisya</u> ang ilan nating mga kababayan sa mga suliraning kinakaharap ng bansa.
   a. walang mauunawaan c. walang alam
   b. walang magawa d. walang pakialam

3. May mga bansang nawawala sa ibabaw ng daigdig dahil sa patuloy na pagtaas ng lebel ng dagat. Ang pahayag ay nangangahulugang:
   a. Sa pagtaas ng lebel ng tubig, lulubog ang ibang bansa.
   b. Maglalaho ang bansa sa pagdating ng malawakang pagbaha.
   c. Ang pagtaas ng lebel ng tubig ay nagbubunga ng pagkalunod ng maraming mamamayan.
   d. Magugunaw ang maraming bansa dahil sa lakas ng tubig.

4. Nakiisa sila sa programa ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga punongkahoy at iba pang mga halaman upang mabalanse ang ekolohiya. Ang kanilang ginawa ay nagpapahiwatig ng:
   a. pagpapahalaga sa mga punongkahoy
   b. pakikiisa sa programa
   c. pagmamalasakit sa kalikasan
   d. pagbalanse sa ekolohiya

5. Itinuturing na paraiso ang lugar na payapa, malinis at malayo sa polusyon. Ang salitang paraiso ay nagpapahiwatig ng:
   a. kaayusan c. kaginhawahan
   b. kabanalan d. kaluwagan
   c.

Naging madali ba para sa iyo ang pagsubok na aking inihanda? Iwasto mo ang iyong sagot upang malaman ang iskor na iyong nakuha. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.


## Sub Aralin 3

**Layunin**

1. Nakikilala ang mga salitang nagpapahayag ng pagsalungat sa pagsang-ayon
2. Natutukoy kung ang isang teksto ay isang argumentativ
3. Nakikilala ang layon ng tekstong binasa

**Alamin**

Masasabi mo ba kung ano ang nagaganap sa larawan?



Tama ka. Mayroon silang di-pagkakaunawaan. Nagaganap ang ganitong pangyayari kung may di-napagkakasunduan. Hindi kasi maiiwasan minsan ang pagsalungat sa paniniwala o paninindigan ng isang tao. Sa ganitong sitwasyon, ang pagsasalungatan ay humahantong na sa di magandang usapan.

Mahalagang malaman ang mga pananalitang nararapat gamitin upang maging maayos ang daloy ng usapan o talakayan.

**Linangin**

Sa pangangatwiran, gumagamit tayo ng mga salita o pahayag na pagsang-ayon o pagsalungat.

*Pagsang-ayon* – ito ang pagtanggap, pagpayag o pagpapatibay ng ano mang hinihingi, itinatanong o sinasabi ng kausap.

Narito ang ilan sa mga pananalitang nararapat gamitin sa pagsang-ayon.

Sumasang –ayon ako
Nararapat ang iyong ginawa
Hindi ka nagkamali sa iyong desisyon
Maaari ka nang magtanong

Dapat lamang na manindigan siya
Ganyan din ang iniisip ko

*Pagsalungat* – ito ang pagtutol o pagbabawal sa isang gawain , katwiran, paniniwala, opinyon, mungkahi o panukala.

Narito ang ilan sa mga panalitang nararapat gamitin sa pagsalungat.

Tinitutulan ko ang iyong mungkahi
Ngunit iba na ang panahon ngayon
Walang mararating ang iyong sinasabi
Mabuti nga sana pero…
Bakit hindi mo subukan ang…

Naging malinaw ba sa iyo ang pagpapaliwanag na aking ginawa? Mayroon ka bang di-naunawaan. Muli mong basahin ang mga paliwanag upang maging malinaw sa iyo ang lahat.

**Gawain 1:** Mga Salitang Nagpapahayag ng Pagsang-ayon at Pagsalungat
Panuto: Punan ang patlang ng angkop na salitang sumasang-ayon o sumasalungat na makikita sa ibaba upang mabuo ang pangungusap.

1. ________________ ako sa iyong mga panukala tungkol sa pagpapahalaga sa kalikasan. May katwiran ka.
2. ________________ ko matatanggap ang iyong mga paliwanag sapagkat salungat ito sa paniniwala ko.
3. ________________ ko nang maluwag sa kalooban ang napagkasunduan sa pulong.
4. ________________ ko ang iyong kakayahan kaya ituloy mo lamang ang iyong binabalak.
5. ________________ ng lahat ang mga paninindigan mo.
6. ________________ lamang na sundin mo ang utos ng nakatataas sa iyo.
7. ________________ang ating ipinaglalaban kaya't magtulong tayo sa ikatatagumpay nito.
8. ________________ nga sana pero iba ang sitwasyon noon sa ngayon.
9. ________________ din nga ang iniisip ko para sa samahang ito.
10. ________________ buting maidudulot ang padalus-dalos mong pagpapasiya.

Pagpipilian:

| | |
|---|---|
| Tinatanggap | Hindi |
| Nararapat | Pinaniniwalaan |
| Sumasang-ayon | Sinasang-ayunan |
| Pareho | Ganyan |
| Walang | Mabuti |

**Gawain 2:** Pagtukoy sa Isang Tekstong Argumentativ

Ano ang tekstong Argumentativ?

Ang tekstong Argumentativ ay isang uri ng tekstong nagpapakita ng mga proposisyon sa umiiral na kaugnayan sa pagitan ng mga konsepto o iba pang mga proposisyon. Ang ganitong uri ng teksto ay tumutugon sa tanong na BAKIT?

Ang Argumentativ o Pagmamatuwid ay isang paraan ng pagpapatunay sa isang katotohanan. Sa mahusay na pagmamatuwid o sa maayos na pagpapahayag ng katotohanan at pangangatwiran, nakukuhang mapapaniwala ang isang tao sa paninindigan ng nagmamatuwid at ito ang pangunahing layunin ng pangangatwiran.

Ang tungkulin ng isang manunulat ng pagmamatuwid ay mapapaniwala niya ang mambabasa. Ang layunin niya ay makuha sa kanyang panig ang nasa kabilang panig, hikayatin ang iba upang sila ay maniwala o kumilos at gumawa ng aksyon ayon sa ninanais ng nagmamatuwid.

Mga pahayag na ginagamit sa pangangatwiran:

Kung ako ang tatanungin…
Para sa akin…
Nakatutuwang isipin…
Kaya lamang…
Sa tingin ko…
Kung tutuusin…
Higit namang mapanghahawakan…

Alam mo na ba kung paanong mangatwiran? Ngayon ay subukin mo kung gaano na ang iyong nalalaman tungkol sa pagkilala ng tekstong Argumentativ.

Handa ka na ba?

Maaari ka nang magsimula.

Basahin mo muna ang teksto. Pagkatapos sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

## Susi ng Suliranin, Hawak ng Nakararami

Nakalulungkot na sa paglipas ng panahon, matapos na maisabatas ang Clean Air Act ay muntik pang hindi maisakatuparan ang batas na ito dahil sa pagtutol ng mga maimpluwensyang negosyante, pulitiko at tatlong higanteng kompanya ng langis.

Kung tutuusin, ilang taon din ang inabot bago naging batas ang Clean Air Act. Salamat sa pagsisikap ni Bukidnon Rep. Nerus Acosta, ang Principal Author ng Republic Act 8749 kaya naisabatas ito. Kaya lang, makaraang maisabatas ito, hindi na nabigyang-pansin. Inagaw ng pulitika ang pagpapatupad nito. Ang Department of Environment and Natural Resources ang dapat sanang manguna sa pagbibigay ng suporta sa establisimyento at ospital na walang takot na gumagamit ng incinerator kahit na mahigpit na ipinagbabawal ng batas.

Wala ring ginawa ang Department of Transportation and Communication at ang Land Transportation Office. Patuloy ang pagrerehistro ng mga bulok na sasakyan na pangunahing nagdudulot ng nakamamatay na usok. Dapat sana'y pinararaan sa emission test ang bawat sasakyang nagpaparehistro. Lalong dumarami ang mga traysikel na may dalawang stroke engines. Patuloy ang pagdagsa ng mga segunda manong sasakyan mula sa Japan, Korea at China. Ang mga sasakyang ito ang karaniwang pumapasada sa kahabaan ng EDSA at nagbubuga ng nakalalasong usok.

Ngayon, nakasalalay sa kamay ng bagong Kalihim ng DENR na si Michael Defensor ang kaligtasan ng bawat mamamayan laban sa nakalalasong hangin sa ating kapaligiran. Sinasabi niyang mahigpit na ipatutupad ang mga probisyon ng Clean Air Act at walang makapipigil sapagkat nakasalalay rito ang kalusugan ng mga Pilipino.

Sana nga'y wala nang hadlang sa pagpapatupad ng Clean Air Act. Hindi pa naman huli ang lahat. Magtulung-tulong tayo para sa ikabubuti nating mga Pilipino.

Panuto: Piliin ang wastong sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nangangatwiran?
   a. Kaya lang, makaraang maisabatas ito, hindi ito nabigyang-pansin.
   b. Salamat sa pagsisikap ni Bukidnon Rep. Nerus Acosta.
   c. Inagaw ng pulitika ang pagpapatupad nito.
   d. Ang DENR ang dapat manguna.

2. Aling pangungusap ang nagsasaad ng damdaming nadarama ng sumulat?
   a. Kung tutuusin, ilang taon din ang inabot bago naging batas ang Clean Air Act.
   b. Nakalulungkot na sa paglipas ng panahon, matapos na maisabatas ang Clean Air Act ay muntik pang hindi maisakatuparan.
   c. Lalong dumarami, ang mga traysikel na may dalawang stroke engines.

d. Patuloy ang pagdagsa ng mga segunda manong sasakyan mula sa Japan.

3. Alin sa mga pahayag ang nagbibigay ng opinyon?
   a. Patuloy ang pagrerehistro ng mga bulok na sasakyan.
   b. Ang mga sasakyang ito ang karaniwang pumapasada sa kahabaan ng EDSA.
   c. Dapat sana'y pinararaan sa emission test ang bawat sasakyang nagpaparehistro.
   d. Sinabi ni Kalihim Defensor na mahigpit niyang ipatutupad ang probisyon ng Clean Air Act.

4. Ang huling talata ay may layuning:
   a. magpaawa — c. magpayo
   b. mang-aliw — d. manghikayat

5. Ang paninindigan ng sumulat ay:
   a. malawakang kampanya sa Clean Air Act
   b. mahigpit na pagpapatupad ng batas sa Clean Air Act
   c. pagbabawal ng pagrerehistro ng mga bulok na sasakyan
   d. pakikipagtulungan ng mga establisimyento sa programang Clean Air Act.

**Gawain 3:** Pagkilala ng Katangian ng Teksto
Relasyon ng Teksto sa Mambabasa

Isa sa pagsusuri sa ispesipikong katangian ng teksto ay pagtukoy sa relasyon ng teksto sa mambabasa. Dito ay hinahanap ang bisang pangkaisipan at pandamdamin ng akda sa bumabasa.

Inaalam nito kung ano ang naging epekto; naramdaman at natutunan ng mambabasa matapos basahin ang teksto.

Muli mong balikan ang tekstong binasa. Pagkatapos sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Letra lamang ang isulat.

1. Kung ang batas na pinagtibay para sa kapakanan ng bawat mamamayan ay hindi napag-uukulan ng pansin ng pamahalaan. Ano ang iyong mararamdaman?
   a. malulungkot — c. magtataka
   b. maiinis — d. mapapahiya

2. Anong damdamin ang madarama matapos mabasa ang huling talata?
   a. nag-aalala — c. masaya
   b. masigla — d. kabado

3. Ang katotohanang mahahango mula sa kabuuan ng teksto ay:
    a. Hindi lahat ng batas ay mahigpit na naipatutupad.
    b. May solusyon ang bawat suliranin.
    c. Sa pinuno nakasalalay ang maayos na pamamalakad.
    d. Maraming programang pangkapaligiran ang pamahalaan.
4. Ang aral na mahahango sa teksto ay:
    a. pagtutulungan sa pagtatamo ng kaunlaran
    b. pagsusuri sa mga programang itinataguyod ng pamahalaan
    c. pagpapatupad nang maayos sa mga pinagtitibay na batas
    d. pagsunod sa mga itinatadhana ng batas

5. Isa sa kapaki-pakinabang na katangiang dapat taglayin ng tao upang mapagtagumpayan ang anumang mithiin ayon sa teksto ay:
    a. pag-uunawaan c. pagsusunuran
    b. pagbibigayan d. pagtutulungan

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Subukin**
Panuto: Piliin ang wastong sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Makabubuti pang huwag mo nang ituloy ang mga bagay na iyong iniisip. Ang panandang ginamit sa pahayag na nagsasaad ng pagsalungat ay:
    a. ituloy c. huwag
    b. bagay d. iniisip

2. Nararapat lamang ang hakbang na iyong isinagawa. Ang pahayag ay isang:
    a. pagsang-ayon c. pagkilala
    b. pagsalungat d. pagtugon

3. Nangangatwiran ang tao upang:
    a. ipagpilitan ang kanyang paniniwala
    b. mapapaniwala sa kanyang paninindigan
    c. patunayang mahusay siyang magpaliwanag
    d. Maipahayag ang sariling saloobin

4. Madaling nakahihikayat ng mambabasa ang tekstong argumentativ dahil sa mga inilalahad niyang:
    a. halimbawa c. katotohanan
    b. pangyayari d. kaisipan

5. Ang bisang pangkaisipan ay tumutukoy sa natutuhang:
    a. aral c. pormula
    b. teorya d. mensahe

6. Katangian ng teksto kung saan tinatalakay ang nadarama ng mambabasa matapos mabasa ang teksto
   a. bisang pangkagalingan   c. bisang pangkaisipan
   b. bisang pandamdamin   d. bisang pangkaalaman

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Lagumin**

Panuto: Basahin muna ang teksto. Pagkatapos, punan ng tamang sagot ang bawat patlang sa pangungusap.

1. Tunay na nangunguna ang Tsina sa mga bansang may malalaking populasyon. Pumapangalawa ang India.

2. Sa kabila ng mabilis na paglaki ng populasyon sa Asya, hindi pantay ang distribusyon nito sa iba't ibang lugar. Dahil dito, nagkakaroon tuloy ng labis na populasyon. Mabuti sana kung nagiging produktibo ang bawat mamamayan, subalit hindi naman.

3. Kapag malaki ang populasyon ng isang bansa, nagiging mahirap para sa pamahalaan ang pagpapaunlad ng kabuhayan lalo pa't hindi naman ito nahahanay sa mauunlad na bansa.

4. Sana'y isaalang-alang ang kahihinatnan ng sariling buhay sa hinaharap upang makatiyak ng maginhawang pamumuhay. Hindi ba't ito rin ang iyong hinahangad? Planuhin ang buhay at pagsikapang maabot ang mga pangarap upang makatulong sa bansa.

1. Ang pangungusap sa unang talata ay ____________________________
2. Ang unang pangungusap sa ikalawang talata ay __________________
3. Ang uri ng tekstong binasa ay isang ____________________________
4. Ang paninindigan ng sumulat ay _______________________________
5. Ang huling talata ay __________________________________________
6. Ang ikatlong talata ay may himig ng ____________________________

Pagpipilian:

nanghihikayat
sumasang-ayon
argumentativ
sumasalungat
deskriptiv
pagkontrol sa populasyon
pagpapabuti ng buhay
pagpupumilit
pagdaramdam
pag-aalala

Alamin kung ilan ang iskor na iyong nakuha. Hingin ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro.

**Paunlarin**

Panuto: Piliin sa ibaba ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.

1. Pahayag na nagsasaad ng pagtutol o pagbabawal sa isang gawain, katwiran, paniniwala, panukala o mungkahi.

2. Pahayag na nagsasaad ng pagtanggap o pagpayag ng anumang hinihingi, itinatanong o sinasabi ng kausap.

3. Uri ng teksto na nagpapatunay ng katotohanan upang mapapaniwala ang isang tao sa paninindigan ng nagmamatuwid.

4. Katangian ng teksto kung saan tinatalakay ang naging epekto sa damdamin ng tekstong binasa.

5. Katangian ng teksto kung saan tinatalakay ang aral na natutunan sa binasang teksto.

Pagpipilian:

| | |
|---|---|
| bisang pangkaisipan | deskriptiv |
| bisang pandamdamin | pagsalungat |
| argumentative | pagsang-ayon |

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

## Sub Aralin 4

**Layunin**

Nakasusulat ng isang maayos na tekstong argumentativ

**Alamin**

Isang kasanayang dapat matamo ng sinuman ang kasanayan sa pagsulat. Ito ang maituturing na isa sa pinakamabisang paraan ng pagpapahayag ng naisip at nadarama ng tao. Kung sa simula'y tahimik siyang nakikinig sa sinasabi ng kanyang kausap, siya'y magsasalita ukol sa paksang kanyang narinig.

Ang pagsulat ay isang napakahalagang bahagi sa buhay ng tao. Wala na yatang taong hindi nakaranas humawak ng panulat para magpahayag ng kanyang iniisip o nadarama.

**Linangin**

Bilang isang mag-aaral, mahalagang matutunan mo ang mga sangkap sa pagsulat ng talataan.

Ito ang mga sumusunod:

1. *Pagbuo ng Mensahe*. Ang mensahe ay binubuo ng kaisipan o konsepto. Ito'y maaaring nakapaloob sa bawat talata o sa buong nilalaman ng sulatin.

2. *Pagsusunud-sunod ng ideya*. Mahalaga ang organisasyon ng isang susulatin upang makita agad ang balangkas ng isang mahusay at epektibong sulatin.

3. *Paghanap sa wika at pagsulat ng kumbensyon*. Saklaw nito ang wastong gamit ng mga salita sa pangungusap, talasalitaan at pagbabantas.

Handa ka na bang sumulat?

**Gawain 1:** Pagsulat ng Tekstong Argumentativ

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na talata upang makabuo ng isang mabisang talataan. Gawing gabay ang mga hakbangin sa pagsulat.

Kailan pa tayo kikilos? Simulan na natin ngayon. Sama-sama tayo sa pagsugpo sa polusyon. Kaya natin ito!

Napipinsala ang mga kagubatan dahil sa hindi wastong paggamit ng mga halaman. Ang mga hayop ay nasasaktan kung hindi man ay namamatay. Ang iba pang pinagkukunang-yaman tulad ng mga sakahan, ilog, lawa at dagat ay napipinsala rin ng mga itinatapong basura at nakalalasong kemikal.

Suliraning Ekolohikal

Ito nga ba ang kapalit ng kaunlaran, ang mapahamak ang ating kapaligiran? Nakapanghihinayang namang sa kabila ng maunlad na kabuhayan ay nagdurusa naman ang ating Inang Kalikasan.

Nakalulungkot isiping ang teknolohiya na nagbibigay ng maraming pakinabang ay siya ring nagdudulot ng polusyon. Habang tumataas ang antas ng teknolohiyang ginagamit ay lalong maraming polusyon ang ibinubuga ng mga planta at pagawaan.

Hindi ligtas sa kapinsalaang dulot ng polusyon ang karamihan ng mga bansa sa Asya lalo na ang higit na maunlad tulad ng Hapon, Singapore at Timog Korea.

Ang pagpapanatili ng balanse ng ekolohiya ang hangarin ng bawat bansa subalit sa hangarin din ng mga bansang umunlad at maunlad na lalo pang mapabilis ng paglaki ng kanilang ekonomiya, nasisira ang balanse ng kapaligiran.

<u>Gabay sa Pagsulat</u>

1. Pamagat
2. Pamaksang pangungusap/Panimulang talata
   Ikalawang Talata
3. Mga bunga ng pagkasira ng balanse ng kapaligiran (katotohanan)
   Ikatlong Talata
4. Mga apektadong bansa
   Ikaapat na Talata
5. Epekto ng teknolohiya
   Ikalimang Talata
6. Paglalagom
   Ikaanim na Talata
7. Panghihikayat

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Lagumin**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga talata. Pagkatapos, isaayos ito ayon sa pagkakasunud-sunod upang makabuo ng maayos na talataan.

Anuman ang sabihin, hindi pa rin tayo nakatitiyak na magiging ligtas ang ganitong pamamaraan lalo't maraming salik ang maaaring makaapekto sa kapahamakang idudulot nito sa paglipas ng panahon.

Sana'y maging maingat ang mga nagpapatakbo ng industriya sa bansa. Nawa'y maisip nilang higit na mahalaga ang buhay kaysa karangyaan.

"Ibang sumingil ang kalikasan," ayon sa mga nakaranas na ng hagupit ni Inang Kalikasan. Baha, lindol, pagguho ng lupa at iba pang mapaminsalang kalamidad ang lagi nang dinaranas ng marami sa atin.

Kung mapanganib ang mga usok na ibinubuga ng mga pabrika, higit ang nanggagaling sa mga sasakyang de-motor. Nakaaapekto ito hindi lamang sa

kapaligiran kundi maging sa kalusugan ng tao. Sanhi ito ng pagkakaroon ng iba't ibang sakit.

Upang maiwasan ang ganitong kalagayan, inilalagay sa mga dram ang mga basurang nukleyar at itinatapon sa Karagatang Atlantiko o kaya'y ibinabaon sa lupa.

Isa ring kontribyutor ng polusyon ang mga plantang nukleyar. Suliranin ang pagtatapon ng basura o ang tinatawag nating *nuclear waste*. Ang kawalan ng maayos na proseso ng pagtatapon ay nagiging dahilan ng pagkasira ng kalikasan. Nakamamatay ito ng pananim at nagsisilbing lason sa lupa't tubig.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Subukin**

Panuto: Isaayos ang mga pangungusap upang makabuo ng isang makabuluhang talata.

Dito matatagpuan ang mga likas na kayamanang pinakamimithing makamtan ng maraming bansa; yamang-lupa, tubig, gubat at mineral.

Hindi ba sapat na ito upang makuntento sa buhay ang isang tao?

Malawak ang saklaw ng Asya at taglay nito ang masaganang likas-yaman kaya nga sumasang-ayon ako sa sinasabi ng estadistikang mahigit kalahati ng produktong isinusuplay sa daigdig ay mula sa Asya.

Ano pa nga ba ang hahanapin kung ang lahat ay nakahanda na't pagpoproseso na lamang ang kailangan upang maging produkto?

Wala nang hahanapin pa.

Kabilang na rin dito ang langis na kailangang-kailangan sa pagpapatakbo ng mga makinarya, planta at sasakyan.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

**Paunlarin**

Panuto: Punan ng angkop na pahayag na makikita sa ibaba ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng talataan. Isulat ang tamang sagot.

Hindi sapat na iasa ang lahat sa likas-yaman (1) ____________________________

________________________________________________________________________

___Mahalaga rin ang positibong pananaw at saloobin ng mga mamamayan (2) __________

________________________________________________________________________

________________________________________________. Ang mga bansang tulad ng

Hapon, Singapore, Taiwan at Timog Korea ay nagbibilang sa mauunlad na bansa sa Asya (3) ________________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

May limitasyon ang paglilingkod ng likas-yaman. (4) ______________________ ______________________________________________________________________

___.Marami na ang nasawi dahil sa pagwawalang-bahala't pagmamalabis. (5) ___________ __________________________________________________________________________________________________________.

Pagpipilian:

Makababahagi sila sa paglinang ng kakayahan na magsisilbing lakas-paggawa sa pakikibahagi at pagsasakatuparan ng wastong paraan sa pagmamalasakit sa likas-yaman.

Hihintayin pa ba nating dumanas ng trahedya bago kumilos?

Mahalagang matutunan din ang iba't ibang kasanayang nararapat isagawa upang higit na mapabuti at mag-angkin ng sapat na kaalaman sa larangan ng paggawa.

Hindi dahil sa likas-yaman kundi dahil sa yamang-taong may malasakit at pagpapahalaga sa kanilang paggawa.

Ang walang habas na pagpapasasa rito'y magdudulot ng panganib sa buhay at kapaligiran.

Kung tama ang lahat ng iyong sagot, nangangahulugan lamang na mahusay ka na sa pagbuo ng talata.

## *Gaano ka na kahusay?*

Bago ka magpatuloy sa susunod na modyul, subuking sagutan ang pagsusulit na inihanda ko upang malaman kung gaano na ang iyong natutunan.

I. Antas ng Kasidhian

Panuto: Isulat ang letra na tumutugon sa antas ng kasidhiang ipinahahayag ng bawat pangungusap.

A. Karaniwang Antas
B. Katamtamang Antas
C. Pinakamasidhing Antas

1. Maipagkakapuri ng bawat Pilipino na sa Pilipinas matatagpuan ang pinakamaliit na bulkan, ang Bulkang Taal.
2. Nag-aangkin ang Asya ng masaganang likas-yamang kaloob ng Maykapal.
3. Siberia ang may pinakamalamig na temperatura.
4. Pinakamarami ang pag-ulan sa Timog-Silangan at Timog Asya.
5. Hindi gaanong nakararanas ng pag-ulan ang Gitnang Silangan o Kanlurang Asya.

II. Pagbibigay-kahulugan at paghinuha sa salita/parirala/pangungusap

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.

1. Mabilis na lumaganap ang iba't ibang kaalamang panteknolohiya ng mga Asyano. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:

   a. lumala      c. sumigla
   b. nagpalit      d. kumalat

2. Lumawig pang lalo ang kaalamang Asyano sa teknolohiya nang dumating ang mga dayuhan sa Asya. Ang nasasalungguhitan batay sa pagkakagamit sa pangungusap ay nangangahulugang:

   a. lumaki      c. lumawak
   b. lumala      d. lumalim

3. Sopistikado ang mga makinaryang ginagamit ng bansang hapon sa industriya. Ang pahayag ay nangangahulugang:

   a. moderno ang mga kagamitang pang-industriya ng Hapon
   b. Mararangya ang mga gamit ng Hapon.
   c. Delikado ang mga makinarya ng Hapon.
   d. Magagaan at madaling gamitin ang mga makinaryang gamit ng hapon.

4. "Kung nakatapos lamang ako'y maganda rin sana ang trabaho ko ngayon." Ang pahayag ay nagpapaliwanag ng:
   a. pangamba c. pagsisisi
   b. pag-aalinlangan d. panghihinayang

5. "Bakit kasi umalis ka pa sa iyong pinapasukan? Alam mo namang mahirap humanap ng trabaho ngayon?" Mahihinuha sa tono ng nagsasalita na siya ay:
   a. nangangaral c. nagtatampo
   b. naninisi d. naaawa

III. Uri at Katangian ng Teksto
Panuto: Piliin ang wastong sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Isang uri ng teksto na naglalahad ng katotohanan at pangangatwiran at may layuning mapapaniwala ang mambabasa o tagapakinig sa paninindigan ng nagmamatuwid.
   a. narativ c. deskriptiv
   b. ekspositori d. argumentativ
2. Isa ito sa paraang isinasagawa ng nagmamatuwid upang makuha sa kanyang panig ang nasa kabilang panig.
   a. nangangaral c. nanghihikayat
   b. nagpapaliwanag d. nagpapaalala

3. Sa pagbibigay ng mga katotohanan, katwiran at pagpukaw sa damdamin ng mambabasa, hangad ng nangangatwiran na:
   a. maipakita ang sariling galing
   b. mailahad nang malaya ang paniniwala
   c. mapatunayang tama ang kanyang sinasabi
   d. maimpluwensyahan ang ibang tao

4. Ang mga aral na nahango ng mambabasa mula sa teksto ay tumutukoy sa bisang:
   a. pangkatauhan c. pang-ispiritwal
   b. pangkaisipan d. pangkaasalan

5. Kapag ang isang teksto ay nakaapekto sa emosyong nadarama ng tao. Ang bisa nito ay sa:
   a. pang-emosyon c. pangkabatiran
   b. pangkalooban d. pandamdamin

IV. Pagsulat: Pagbuo ng isang Tekstong Argumentativ

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na pahayag upang makabuo ng isang maayos na talataan. Isulat ang buong talataan.

Industriya at Agrikultura

Kung gayon, magandang kinabukasan ang hinaharap ng bansa sa larangan ng ekonomiya't kompetisyon.

Samakatwid, ang pamahalaan ay dapat lamang magsagawa ng mga hakbanging nakapagpapataas pang lalo sa antas ng agrikultura't industriya upang maging produktibo ang programang pangkabuhayan.

Kung ang pamahalaan ay nagiging bukas sa mga isyung may kinalaman sa industriyalisasyon at paglinang sa agrikultura.

Magiging daan ito ng mabilis na paglawak ng iba't ibang komersyo at kalakal dahil sa magiging mabilis ang paggawa ng mga produkto at mga hilaw na materyales na maipagbibili sa mga pamilihan sa loob at labas ng bansa.

Nararapat lamang na pag-ukulan ng patas na pagtingin at pagpapahalaga ang agrikultura't industriya sapagka't ang mga ito'y salik sa pag-unlad.

Tapos mo nang pag-aralan ang modyul na ito. Binabati kita! Iwasto mo ang iyong mga sagot upang malaman kung ano pa ang nararapat mong pag-ukulan ng pansin upang malinang na mabuti ang iyong mga kaalaman. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.